

Isama Mo Ako

Ang boses ng batang
may maramihang
kapansanan o may
kahinaan sa paningin at
pandinig

CREATED IN PARTNERSHIP BY:

JUNE 2020

Tingnan Mo Ako!

Nandito din ako

Isang bata, isang tao.... Kagaya sa iyo

Tumingin ka sa akin,hwag sa aking kapansanan

Gusto ko rin maging malaya at hindi palaging umaasa sa iba

May sarili akong paraan ng pag-aaral. Kailangan ko lang ng

kaunting panahon

Araw-araw, patuloy akong umuunlad

Magtulungan tayo

Para matuklasan natin ang mga bagay-bagay tungkol


sa akin.



Hello po! Ako ay isang bata.

Ako ay bahagi ng isang pamilya. Ang mga pamilya na katulad sa amin ay nasa iba't ibang dako ng mundo. Sabi ni nanay hindi ako nakakakita ng mabuti, kaunti ang naririnig ko, at nahihirapan akong gamitin ang kamay ko para hawakan ang mga bagay ... at:

Isang ina na may maliit na bata na may suot na hearing aid. Nakahiga ang bata sa kanyang kandungan, nakangiti sila sa isa't-isa.



Nais kong sumali sa mga aktibidad ng pamilya ko. Makakatulong din ako sa maraming gawain. Gusto kong makasama ang ibang bata. Mahilig rin ako sumali sa mga party at pagdiriwang. Marunong akong kumuha ng tubig sa poso. Maaari akong sumakay sa basket na nilaga ni lolo sa bisikleta nya. Ang dami kong kayang gawin.

Batang babae at isang nakatatanda, kumukuha ng tubig sa poso.

Kaya kong lumahok sa aking pamilya at sa aking pamayanan!

Mahilig akong maglaro ng mga bagay sa bahay.
Mangyaring ilagay ang mga laruan sa lugar na
kaya kong maabot. Mahilig akong makipaglaro
sa ibang bata. Sana, malapit ako palagi sa mga
ate at kuya para makasali ako sa laro nila.



Kaya kong maglaro! _____



Isang batang lalaki at
isang batang babae
hawak kamay na
naglaro ng piko

Maliit na batang nakasalamon, na
nakaupo sa palangganan. May hawak
syang pakalantugin

Kaya kong makipag-usap!



Gusto kong makipag-usap sa iyo. Kagaya sa iyo, importante rin ito para sa akin. Kausapin mo ako, laruin mo ako, obserbahan nyo ang aking reaksiyon. Subukan nyong gamitin ang pamamaraan ng pag-salita ko, sinusubukan ko rin gamitin ang sa iyo. Magsaya tayo!

Bata at lola na nakaupo sa sahig at may isang mangkok ng mga gulay sa harapan nila. Sabay nilang tinatangal ang tangkay ng gulay upang maghanda ng kakainin.



Kahit paunti-unti, kaya kong matuto. Matututunan kong gamitin ang isang bagay kabag nahahawakan ko sya. Kailangan ko ng maraming panahon para makaensayo akong gumawa ng bagay ng sarili ko. Nakakatulong sa akin ang sumunod sa isang kalendaryo ng aktibidades. Kagaya rin ng ibang bata, gusto kong pumasok sa paaralan!

Kaya kong matuto!

Isang magulang at bata ay nag-uusap sa pamamaraan ng paggamit ng kamay. Ang magulang ay nakaupo sa sahig at ang bata ay nakahiga sa gitna ng kanyang dalang binti. Inaabot nilang dalawa ang kanilang kamay at magkasama silang nagpapalakpak.

Mabilis akong mahalin... at mahal rin kita

Ang bawat bata ay nangangailangan ng pagmamahal at pag-aaruga, ako rin! Mahirap kong ipakita sa iyo, ngunit mahal na mahal kita. Sana ipakita mo rin sa akin na mahal mo ako, para maramdaman ko ang iyong pagmamahal.



Palatandaan: Ako ay isang bata- Isang mahalagang regalo

Isang tatay na nakayakap sa kanyang anak, at hinalikan ang pisngi ng bata. Natutuwa ang bata.



Nakayakap si kuya sa kapatid nyang babae

Ako ay puno ng kagalakan, posibilidad, at pangarap – tulad ng ibang mga bata. Nakikita mo ba ako? Narito ako, sa ating pamayanan, sa ating kapitbahayan. Ako ay isang batang nais na mahalin, igalang, at isama. Kung pinahahalagahan mo at hinihikayat mo ako, susunod din ang mga ibang tao! Minsan, may isang batang katulad ko. Lumaki siya upang maging isang tanyag na babae na nanggangalang Helen Keller, at sinabi niya na “Kung mag-isa lang tayong magtratrabaho, kaunti lang ang magagawa natin; pero kung sama-sama tayo, marami tayong maaatupag.” Marami akong mga pangarap. Pwede nyo po ba akong tulungan na maipatupad ang mga ito?